# Kaugaliang Pilipino sa pag-aasawa

Lagi na, ang buwan ng Hunyo ay iniuugnay sa pag-aasawa. Bagamat maaaring mag-asawa ang isang tao sa kahit anong panahon, marami pa rin ang nagtatakda ng kasal tuwing Hunyo.

Ang mga Pilipino ay may mayamang kaugalian ukol sa panliligaw at pag-aasawa. Bagamat karamihan sa mga kaugaliang ito'y bahagi na lamang ng kahapon, ang ilan ay umiiral pa rin hanggang sa kasalukuyan.

Sipag ang puhunan ng isang Tagalog upang makamit ang babaing itinatangi. Sa kaugaliang tinatawag na paninilbihan, obligadong laging bumisita ang lalaki sa bahay ng babae. Tutulong siya sa ilang gawaing-bahay sa tahanan ng babae, tulad ng pag-igib ng tubig (na kadalasa'y mula sa balon), pagsisibak ng kahoy, pagbubunot ng sahig.

Tapang naman at lakas ng loob ang puhunan ng mga Ibilaos at ilang tribu ng Ilongot. Madugo at puno ng pakikipagsapalaran ang paghahandog nila ng pag-ibig sa nililiyag.

Sinusubukan ang kakayahan ng Ilongot sa paggamit ng pana o "bow and arrow." Pinatatayo sa isang maluwang na lugar ang babaing minimithi habang nakaipit sa kili-kili nito ang isang buko ng kawayan na bukas sa gitna. Sa layong 50 metro, kailangang lumusot ang palasong pakakawalan sa dulo ng buko. Kapag nasaktan ang babae, papatayin ng mga kamag-anakan nito ang lalaking Ilongot. Ayon sa pinakahuling pag-aaral, isinasagawa pa rin ang praktis na ito sa ilang mga lugar sa Cagayan, Isabela, Nueva Vizcaya at Mountain Province.

Ang tungkol sa kasal sa mga Ilongot ay una munang inihaharap sa ama ng babae para pagkasunduan. Kabilang sa kasunduang ito ang ukol sa dote at iba pang bagay. Ang puno ng tribu ang nagsasagawa ng seremonya sa pamamagitan ng pagtatali sa kamay ng lalaki at babae at pagpapakain sa mga ito sa iisang pinggang yari sa kahoy.

Habang isang mabigat na tungkulin ang panliligaw at pag-aasawa para sa Tagalog at Ilongot, ito ay hindi problema sa mga kalalakihan ng tribung Subano sa Mindanao. Hindi sila, kundi ang kanilang mga magulang ang nagsasagawa ng mga pangunahing hakbang mula sa paghahanap ng karapat-dapat na mamanugangin hanggang sa pagtatakda at pagkakaloob ng dote. Dahil dito, mas malamang na sa araw ng kasal unang magkikita ang ikakasal.

Ang pinuno rin ng tribu ang nagsasagawa ng seremonya ng kasal. Isinasabay rito ang pag-aalay ng dote. Sumasayaw ang mga sponsor ng babae sa tunog ng gongs at drums. Nagsasayaw rin ang lalaki bilang pagtugon. Dalawa ang umaawit ng ballad bilang pag-asam sa isang matagumpay at mabungang pagsasama. Pagkatapos nito, magsasayaw ang mag-asawa bilang katunayan ng pagiging kasal na.



Sa Bicol, mga magulang din ng lalaki ang gumagawa ng pangunang hakbang. Ipinahahayag ng mga ito ang hangarin ng kanilang anak sa pamamagitan ng pagsulat sa mga magulang ng babae na maaaring makipag-usap nang harapan o tumugon din sa sulat. Ang kaugaliang tumugon din sa sulat. Ang kaugaliang ito ay kilala sa tawag na "lagpitaw" o "slingshot practice." Malalaman lamang ng lalaki na tinanggap ang kanyang proposal sa araw na mismo ng kanyang kasal.

Pambihira ang pamamaraang ginagamit ng Batak ng Palawan sa pagkakamit sa babaing nililiyag. Hindi sila naninuyo o naninilbihan tulad ng Tagalog at hindi rin nagpapakita ng tapang tulad ng Ilongot.

Ang pamamaraan nila ay naaayon sa tinatawag na "bandi system" na walang iniwan sa isang public bidding: ang pinakamataas magpresyo ang kukuha sa babaing kursunada.

Napakadali kung gayon sa isang Batak ang mag-asawa at mag-iba ng asawa. Kung ang babaing kursunada niya ay may asawa na, babayaran lamang niya nang doble ang halagang binayaran ng kasalukuyang asawa nito.

Ang pag-aasawa ng Samal ng Sulu ay karaniwang kasunduan din. Malayang pumili ng mapapangasawa ang isang lalaking nasa hustong gulang ngunit ang babae'y hindi. Kailangang mayroon siyang kaukulang pahintulot mula sa ama, o sa lolo kung ang ama'y patay na o sa pinakamatandang kapatid na lalaki o sa pinakamalapit na kamag-anak na lalaki.

Itinatakwil ng lipunan ang mag-asawang nakasal nang walang kaukulang pahintulot. Hindi rin sila kikilalanin ng kanilang mga magulang. Maibabalik lamang ng mag-asawa ang pagtanggap at pagkilala kung sila'y pahahagupit nang limampung ulit mula sa pari. Hangga't hindi sila naaabsuwelto, hindi sila kinikilalang Mohammedans.

Ang seremonya ng kasal ay malimit na isinasagawa ng ama ng babae. Nasa lalaki na ang desisyon kung gusto niyang kunin ang serbisyo ng pari. Ang ikinakasal ay sumasailalim ng tinatawag na "ceremonial washings" bago hahawakan ng pari ang kanang kamay ng lalaki at magsasalita ng ilang partikular na mensahe mula sa Koran. Panghuli ang pagtatanong sa lalaki kung tinatanggap nito ang babae bilang asawa.

Tradisyon pa rin sa ikinakasal na babaeng Samal ang pag-aahit sa kanyang mga kilay bago pintahan ang kanyang mukha ng madilaw na bagay. Inilalagay siya pagkatapos sa isang silid na hindi siya agad makikita ng lalaki. Hahanapin ng lalaki ang asawa na magtatangkang tumakas. Isang larong walang iniwan sa "hide-and-seek" ang magaganap.

Kapag nahuli ng lalaki ang babae at naipadaan niya ang kanang hintuturo sa noo nito, itinuturing na silang kasal. Sisimulan lamang nila ang pagsasama bilang mag-asawa pagkaraan ng pitong araw mula sa araw ng kanilang kasal.

Hindi lamang sa pamamaraan ng pagligaw o pag-aasawa nagkakaiba-iba ang mga Pilipino. May mga kaibahan din maging sa pagdaraos ng handaan sa araw ng kasal.

Tulad na lamang sa Benguet. Dito, binabalikat ng lalaki ang lahat ng gastos at iba pang pangangailangan sa araw ng kasal. Ang lalaki ay kailangang magtaglay ng dalawang kalabaw man lamang at iba pang hayop upang isuporta sa babae. Ganito kasi ang tradisyong sinusunod nila—mabigyan ng isang kilong karne o higit pa ang bawat bisitang dadalo sa handaan. Huwag nang idagdag pa na bigay-todo ang ganitong uri ng salu-salo.

Sa Waray, bagamat magarbo rin ang kasalan, hindi naman pinapasan ng lalaki ang lahat ng gastos. Nakagawian na nila ang pagtulong ng mga kamag-anak ng babae sa lahat ng pangangailangan sa handaan.

Pagkatapos ng kasal, dumideretso ang mag-asawa sa bago nilang tahanan para sa isa pang mas maliit na salu-salo na tinatawag na "pagdara."

Sa lahat ng pagkakaiba-iba ng kaugalian sa pag-aasawa iisa lamang ang kahulugan nito: ang pag-aasawa ay isang naiibang uri ng responsibilidad na dapat harapin at panindigan ng mag-asawa. —MTB

# Salubungin ang bagong Pilipina...

**ni Myrna M. Castro**

NOON . . .
alipin si Maria ng paniniwalang siya ay mahina, mahiyain, mapaniwalain. Gapos siya ng paniniwalang ang lugar ng isang babae ay sa likuran ng isang lalaki; na ang lalaki ang siyang hari at siyang nasusunod. Sapat na sa kanya ang mayroong nangangalaga, nagdudulot ng kaginhawahan at nagkakaloob ng pagtingin.

Isa siya sa maraming Pilipinang ang tanging pinagbubuhusan ng panahon, bukod sa kanyang pamilya, ay ang pagdarasal, pakikinig ng mga kuwentong punungpuno ng superstisyon o kaya nama'y pakikipagkuwentuhan sa kanyang kabaro.

Pagkaraan ng maraming taon, nanatili siyang isang bilanggo. Bilanggo ng itinakdang mga batas ng lipunan. Makitid ang saklaw ng pananaw. Maliit ang ginagalawang daigdig. Kailanman ay hindi niya sinubukang pakilaman ang gawain ng sinasabing "mas malakas na sakarian."

Nang siya ay magkanobyo, bumagal lalo ang kanyang pagsulong. Ang maliit niyang daigdig ay lalong lumiit. Hindi na siya maaaring bumarkada sa iba. Kinakailangan muna ang pahintulot ng kanyang nobyo. Kadalasan, pinagkakaitan niya ng layaw ang kanyang sarili.

Ang kasal ang katuparan ng lahat ng kanyang pangarap. Umiikot ang kanyang daigdig sa kanyang asawa. Isinasalalay niya rito ang kanyang kinabukasan. Ang paniniwalang ang babae ay para lamang sa bahay ay mariing nakaukit sa kanyang isipan.

NGAYON . . .
narito si Marie, ang bagong Pilipina! Produkto ng 70s. Lista, malaya, mapagisip. Ipinahahayag ang kanyang kaisipan. Iginigiit ang sariling karapatan. Hari siya ng kanyang sarili. Hindi siya nadidiktahan. Hindi tumatahak sa isang kawalan. Hindi bilanggo ng mga batas ng lipunan. Hindi bulag sa kanyang mga limitasyon.

Pinasok na niya ang dating daigdig na para lamang sa kalalakihan. Humahawak siya ng matataas na puwesto sa gobyerno, sa larangan ng negosyo, at maging sa sining.

Sa larangan ng musika, ang mga Pilipinang tulad ni Marie ay hindi napadaig. Kung mayroong Prima Donna ang ibang bansa, tayo man ay mayroong Jovita Fuentes, Isang Tapales at Felicing Tirona. Nagsilitawan ang mga Dalisay Aldaba, Conchita Gaston at ngayo'y si Evelyn Mandac, ang unang Pilipinang kasali sa Metropolitan Opera sa New York.

Mayroon din tayong mga concert soloista sa piano, violin at cello. Ilan sa kanila ay sina Carmencita Lozada, Maria Luisa Lopez Vito at Cecile Licad.

Ilan sa mga tanyag na organisasyon na pinangungunahan ng mga kababaihan ang League of Filipino Composers, National Music Council of the Philippines, Music Promotion Foundation, Philippine Society for Music Education, Philippine Choral Society, Piano Teacher's Guild of the Philippines at ang Philippine Theater of the Performing Arts.

Samantalang sa larangan naman ng pagsasayaw, mayroon tayong isang Francisco Reyes Aquino na siyang nagpasimula ng pag-aaral sa Philippine Folk Dance Forms. Nagsisunuran sina Leonor Orosa Goquingco, Lucretia Reyes Urtula, Paz Cielo Belmonte at Alice Reyes.

Hindi rin natin malilimutan ang mga artista sa entablado bago dumating ang ikalawang digmaang pandaigdig, tulad nina Maria Carpena at Atang de la Rama. Nariyan rin sina Daisy Hontiveros Avellana ng Barangay Theater Guild, Naty Crame Rogers ng Arena Theater at Zeneida Amador ng Repertory Philippines.

Ilan naman sa ating mga manunulat ng maikling kuwento ay sina Paz Latorena, Paz Marquez Benitez, Trinidad Tarrosa at Estrella D. Alfon. Samantalang sa prosa ay sina Kerima Polotan, Carmen Guerrero Nakpil, Edith Tiempo, at Gilda Cordero Fernando.

Kung ating pagbabalikan ang nakaraan, ipinakikita ng statistics na mula noong 1946 hanggang 1969, 11 kababaihan ang nahalal bilang kongresista, pito bilang senador, anim bilang gobernador at ang ilan ay bilang bise-gobernador, bokal, alkalde, bise-alkalde at mga konsehal. Nangibabaw rin si Justice Cecilia Muñoz Palma, ang unang babaeng naging miyembro ng Supreme Court.

Sa foreign service naman, mayroon tayong mga Ambassador tulad ni Rafaelita Hilario-Serrano at Leticia Shahani.

Hindi naiiba si Marie sa mga babaing nabanggit. Ang pagiging asawa at pagiging ina ay hindi naging hadlang sa kanyang mga gawaing pangsibiko, tulad ng paglahok niya sa Barangay Ladies' Auxiliary Brigade.

Ilan sa mga ginagampanan niyang tungkulin ang pagsasagawa ng kampanya ukol sa paglikom ng pondo upang matustusan ang mga proyektong pangkomunidad tulad ng cottage industries at mga socio-cultural center.

Makikita mo siyang tumutulong sa mga proyektong tulad ng kampanya sa pagpapalaganap ng impormasyong family planning, green revolution, beautification, cleanliness at iba pa.

Madaling matatagpuan ngayon ang mga Marie, ang bagong Pilipina. Isa lamang siya sa milyun-milyong Pilipinang may misyong ginagampanan, hindi lamang sa kapakanan ng kanyang sarili kundi maging ng buong sangkatauhan.